Iba pang mga format at mga wika
Maaari mong makuha ang dokumentong ito sa ibang mga wika, malalaking titk, braille o sa format na gusto mo, nang libre. Kontakin ang Explore Health sa explorehealth@oha.oregon.gov o 855-268-3767 (sa boses). Tinatanggap namin ang lahat ng relay na tawag.

Kasangkapan sa HRA ng Tagapag-empleyo ng Explore Health

Ang mga tagapag-empleyo na hindi nag-aalok ng tradisyonal na pagsaklaw sa kalusugan sa kanilang mga empleyado ay maaaring makatulong sa mga empleyado sa pagbayad para sa mga gastusing medikal sa pamamagitan ng isang Health Reimbursement Arrangement (HRA). Kung nag-aalok ang iyong tagapag-empleyo ng isang HRA, maaaring gamitin ang HRA na iyon upang mapababa ang mga gastos ng iyong sambahayan para sa kwalipikadong pagsaklaw sa kalusugan, kabilang ang mga kwalipikadong planong pangkalusugan ng Explore Health.

Kung ang iyong tagapag-empleyo ay nag-aalok sa iyo ng isang HRA:

- Basahing mabuti ang sulat na matatanggap mo mula sa kanila para sa mga tuntunin nito, kasama na ang halagang dolyar ng iyong Qualified Small Employer Reimbursement Arrangement (QSEHRA) o Individual Coverage Health Reimbursement Arrangement (ICHRA).
- Gamitin ang worksheet na ito upang malaman kung nakakatugon ang iyong ICHRA o QSEHRA sa mga kinakailangan sa pagiging abot-kaya. Kung ang iyong QSEHRA ay hindi nakakatugon sa mga kinakailangan para sa "pagiging abot-kaya," maaari kang maging kwalipikado para sa isang premium na kredito sa buwis upang mapababa ang halaga ng na pagsaklaw. Kung hindi nakakatugon ang iyong ICHRA sa mga kinakailangan para sa "pagiging abot-kaya" at hindi mo tinatanggap ang ICHRA, maaari kang maging kwalipikado para sa isang premium na kredito sa buwis upang mapababa ang halaga ng na pagsaklaw. Kung kwalipikado ka para sa isang premium na kredito sa buwis, sasabihin sa iyo ng worksheet na ito kung magkano ang dapat mong kunin na kredito sa buwis, batay sa halaga ng iyong HRA.

Hakbang 1: Impormasyong kailangan mo upang makumpleto ang worksheet na ito

- Ang iyong sulat para sa HRA. Magmumula sana ito sa iyong tagapag-empleyo.
- Ang halaga ng iniayos na gross na kita mula sa iyong pinakahuling tax return ng kita sa pederal. Kakailanganin mo ito upang matukoy ang kita ng iyong sambahayan para sa

taon. Kung hindi ka sigurado kung anong kita ang isasama, bisitahin ang Ano ang isasama bilang kita?

- Isang calculator.

Hakbang 2: Ilagay ang halaga ng iyong QSEHRA o ICHRA

2a Ilagay ang pinakamataas na taunan at para lamang sa sariling halaga na magagamit mo sa HRA. $

Kung hindi mo natanggap ang buong taong halagang ibinigay sa sulat—tulad ng kung nakapagtrabaho ka sa panahon ng taon ng plano ng HRA—ilagay ang para lamang sa sariling halaga na ipinakita sa sulat.

2b
- Kung ang HRA ay ibinigay sa iyo para sa buong taon: Hatiin ang 2a sa 12. $
- Kung ang HRA ay hindi ibinigay sa iyo para sa buong taon: Hatiin ang 2a sa bilang ng mga buwan na binibigyan ka ng HRA.

Ilagay ang resulta dito.

Hakbang 3: Ilagay ang kita ng sambahayan

3a Ilagay ang inaasahang kita ng iyong sambahayan para sa taon na magsisimula ang HRA. $

3b Hatiin ang 3a sa 12. Ilagay ang resulta dito. $

3c I-multiply ang 3b ng 10.22% (0.01022 sa iyong calculator). Ilagay ang resulta dito. $

Paalala: Ang 10.22% ay naaangkop lamang sa mga planong magsisimula sa 2027.

Hakbang 4: Kalkulahin kung abot-kaya ang iyong HRA

4a Kung mayroon kang QSEHRA, ilagay ang halaga ng premium ng pangalawang pinakamababang halaga ng silver plan sa iyong county. Kung mayroon kang ICHRA, ilagay ang halaga ng premium ng pinakamababang halaga ng silver plan sa iyong county. Maaaring hindi ito ang planong ipatatala mo. Makakatulong ito sa iyo na malaman kung natutugunan ng iyong QSEHRA ang mga kinakailangan para sa "pagiging abot-kaya." $

Upang matukoy ang halagang ito, sundin ang mga hakbang na ito:

1. Bumisita sa Gabay ng Plano sa ExploreHealthOR.gov. Piliin ang “Gabay ng Plano”. Kung kailangan mo ng tulong sa pagkumpleto ng seksyong ito, mangyaring i-klik ang link na “Kontakin Kami” at piliin ang paraan ng pagkontak na pinakaangkop para sa iyo.
2. Piliin ang “Mag-browse para sa mga planong pangkalusugan at pang-ngipin” at i-klik ang magpatuloy.
3. Kapag tinanong ng "Aling taon ng saklaw," piliin ang taon na sakop ng iyong HRA.
4. Kapag tinanong ng "Saan ka nakatira," ilagay ang kasalukuyan mong zip code.
5. Kapag tinanong ng “Sino ang nasa inyong sambahayan at kailangan ba nila ng pagsaklaw,” ilista lamang ang iyong sarili, huwag magdagdag ng iba pang miyembro ng sambahayan.
6. Magtatanong ang susunod na seksyon ng calculator ng ipon tungkol sa kita ng sambahayan upang malaman kung kwalipikado ka para sa mga mas mababang gastos, laktawan ang seksyong ito at iwanang blangko.
7. Susunod, i-klik ang "Mag-browse ng mga Plano" sa kanang ibaba ng pahina.
8. Kapag tinanong ng “Sabihin sa amin ang tungkol sa iyong mga pangangailangan sa pangangalagang pangkalusugan,” huwag maglagay ng anumang karagdagang impormasyon at i-klik ang “Lumaktawan upang tingnan ang mga plano”. Ipapakita ang isang listahan ng mga plano.
9. Mula sa kaliwang nabigasyon sa ilalim ng “Uriin ayon sa” piliin ang “Buwanang presyo”
10. Mula sa kaliwang nabigasyon sa ilalim ng “salain ayon sa,” mag-scroll papunta sa “Metal tier” at piliin ang “Silver”.
11. Ang mga planong ipinapakita ay kikilalanin gamit ang salitang "Silver" sa pangalan at ayon sa pagkakasunud-sunod mula sa pinakamura hanggang pinakamahal na buwanang gastos.
12. Kung mayroon kang QSEHRA, tingnan ang “Tinatayang buwanang premium” para sa pangalawang planong nakalista, at ilagay ito sa kahon 4a
13. Kung mayroon kang ICHRA, tingnan ang “Tinatayang buwanang premium” para sa unang planong nakalista, at ilagay ito sa kahon 4a

TANDAAN: Isang halaga ng dolyar lang ang dapat ilagay batay sa uri ng iyong HRA.

4b Ilagay ang iyong buwanang premium bawas ang iyong buwanang halaga ng para lamang sa sariling HRA $

Para makarating sa halagang ito, ibawas ang 2b sa 4a.

4c	Ilagay ang halaga mula sa 3c.	$
4d	Mas mahal ba ang halaga sa kahon 4b kaysa sa halaga sa kahon 4c?	☐ Oo ☐ Hindi

Hakbang 5: Alamin kung maaari kang maging kwalipikado para sa kredito sa premium sa buwis sa iyong HRA

- Kung mayroon kang QSEHRA at ang 4d ay Oo: Ang iyong QSEHRA ay hindi itinuturing na abot-kaya. Ikaw (at ang sinumang mga karapat-dapat na miyembro ng sambahayan) ay maaaring maging karapat-dapat para sa kredito sa premium sa buwis upang mapababa ang gastos ng pagsaklaw ng Explore Health. Kapag nag-apply ka para sa pagsaklaw ng Explore Health at bago ka pumili ng plano, itatanong ng Explore Health kung magkano ang kredito sa premium sa buwis na gusto mong gamitin upang mapababa ang iyong buwanang premium. Upang makuha ang tamang halaga, ibawas ang buwanang halaga ng iyong QSEHRA mula sa halaga ng kredito sa premium sa buwis kung saan ka kwalipikado.

Halimbawa: Ang buwanang halaga ng QSEHRA ay $200, ang buwanang halaga ng kredito sa buwis ay $400, tanggapin lamang ang pinakamataas na $200 na kredito sa buwis.

- Kung mayroon kang QSEHRA at ang 4d ay Hindi: Ang iyong QSEHRA ay itinuturing na abot-kaya. Ikaw (at ang sinumang mga miyembro ng sambahayan na binibigyan din ng QSEHRA) ay hindi karapat-dapat para sa kredito sa premium sa buwis upang mapababa ang gastos sa pagsaklaw ng Explore Health. Maaari mong gamitin ang QSEHRA ng iyong tagapag-empleyo upang makatulong sa pagbabayad ng iyong mga premium
- Kung mayroon kang ICHRA at ang 4d ay Oo: Ang iyong ICHRA ay hindi maituturing na abot-kaya, ikaw (at ang sinumang mga karapat-dapat na mga miyembro ng sambahayan) ay maaaring maging karapat-dapat para sa kredito sa premium sa buwis upang mapababa ang gastos sa saklaw sa pamamagitan ng Explore Health kung mag-o-opt out ka sa alok ng ICHRA ng iyong employer.
- Kung mayroon kang ICHRA at ang 4d ay Hindi (o kung ang 4b at 4c ay magkatumbas): Ang iyong ICHRA ay itinuturing na abot-kaya, ikaw (at ang sinumang mga karapat-dapat na miyembro ng sambahayan) ay hindi karapat-dapat para sa kredito sa premium sa buwis upang mapababa ang gastos sa pagsaklaw ng Explore Health.

Kailangan mo ng higit pang impormasyon?

- Bumisita sa pahina ng madudulugan ng Explore Health FAQ para sa higit pang impormasyon tungkol sa mga HRA.
- Para sa mga partikular na impormasyon tungkol sa inalok na HRA sa iyo, kontakin ang iyong tagapag-empleyo.

Explore Health: Oregon's Health Insurance Marketplace
PO Box 191
Salem, OR 97308
855-268-3767 (Tinatanggap ang mga relay na tawag)
ExploreHealthOR.gov